

## **Gabay sa Pagpaplanong Pangkolehiyo para sa mga Magulang at Tagapag-alaga**



**California Career Resource Network (CalCRN)**

[www.californiacareers.info](http://www.californiacareers.info)

# GABAY SA PAGPAPLANO PARA SA KOLEHIYO

Ang gabay na ito ay tutulong sa inyo at sa inyong estudyante na makabuo ng pang-unawa tungkol sa pagpasok sa kolehiyo sa California at upang masimulan ang pagbuo ng plano para sa pagkamit ng digri sa kolehiyo. Ang impormasyon na ito ay nakatutulong kahit pa ang inyong estudyante ay nagsisimula pa lamang sa mataas na paaralan o papasok na ng kanilang panghuling taon sa mataas na paaralan.

Gamitin ang gabay na ito bilang panimula. Kung mayroon kayong mga tanong o alalahanin, humingi ng tulong mula sa mga tagagabay, tagapayo, at mga dulugan mula sa paaralan ng inyong estudyante, inyong komunidad, at sa internet.

## ***Indise***

Upang pumunta nang direkta sa isang seksyon ng dokumentong ito, pindutin ang mga titulong naka-hyperlink:

- [Paghahanda sa inyong estudyante para sa kolehiyo](#)
- [Pagpili ng tamang kolehiyo](#)
- [Mga opsyon ng kolehiyo](#)
- [Mga kursong kinakailangan sa pagpasok sa kolehiyo](#)
- [Mga pagsusulit upang makapasok sa kolehiyo](#)
- [Mga mapagkukunan ng tulong pinansyal](#)
- [Ang aplikasyon sa kolehiyo](#)
- [Pakikilahok sa isports ng lebel-pangkolehiyo](#)

Ang edukasyon sa kolehiyo ay nabubuo sa kaalaman at mga kasanayang natamo sa mga naunang taon. Hindi pa maaga na magsimulang magplano para sa kolehiyo sa ikapito o ikawalong baitang. Ang inyong estudyante ay dapat magsimula sa pamamagitan ng pagkuha ng mga mapanghamong kurso sa paksang pang-akademiya at pagpasiya na matuto nang hangga't maaari sa mga kursong iyon.

Sa pagpasok sa mataas na paaralan, payuhan ang inyong estudyante na:

- alamin ang kanilang mga kasanayan at interes
- makilahok sa mga organisasyong pangserbisyo at mga gawain sa paaralan
- gumawa ng mga boluntaryong gawain
- maghanap ng mga pagsasanay

Habang nagtatagal, ang inyong estudyante ay makakakilala at makakapanayam ang iba-ibang tao sa iba't ibang hanapbuhay.

Para sa dagdag na impormasyon, bumisita sa [Sentro ng Karera ng California](#). (Ang site ay nasa Ingles)

**OO, ANG IYONG ANAK AY MAARING MAGKOLEHIYO!**

# PAGHAHANDA SA INYONG ESTUDYANTE PARA SA KOLEHIYO

Ang paghahanda sa pagpasok sa kolehiyo ay isang proseso. Gamitin ang gabay na ito upang tulungan ang inyong estudyante na mapanatiling nasa tamang landas:

## Gitnang Paaralan:

- Alamin ang tungkol sa mga kinakailangang kursong A-G at kumuha ng mga mapanghamong kurso upang makapaghanda para sa paghahandang gawaing kursong pangkolehiyo sa mataas na paaralan.
- Pumili ng mga klase sa agham, matematika, at wikang pandaigdig upang makakuha ng magandang pundasyon.
- Bumuo ng mga talento sa pamamagitan ng musika, isports, dula, talumpati, o iba pang mga gawain.
- Magsimulang tuklasin ang mataas na paaralan, kolehiyo, at mga karera sa Sentro ng Karera ng California sa [www.calcareercenter.org](http://www.calcareercenter.org).

## Baitang 9 – Unang taon sa mataas na paaralan:

- Planuhin ang mga kurso para sa mataas na paaralan kasama ng tagagabay o tagapayo sa paaralan.
- Isama ang lahat ng maaaring makuhaing kursong A-G para sa bawat lebel ng baitang.
- Magsaliksik ng mga kinakailangan sa pagpasok sa kolehiyo para sa ilang mga kolehiyo.
- Gamitin ang California CareerZone sa [www.cacareerzone.org](http://www.cacareerzone.org) upang tukuyin ang mga layunin sa karera.
- Makilahok sa mga ekstrakurikular na gawain sa paaralan o komunidad.
- Magsimulang gumawa ng resume at gawin itong napapanahon.

## Baitang 10 – Ikalawang taon sa mataas na paaralan:

- Kumuha ng Preliminary Scholastic Aptitude Test (PSAT) sa Oktubre kapag inialok ng paaralan; hilingin ang pagkalibre sa bayad kung kinakailangan. Gamitin ang tag-init upang mag-aral para sa pagsusulit.
- Magsimulang kumuha ng mga kursong Advanced Placement (AP) at Honors.
- Ipagpatuloy ang pag-iimbestiga sa mga opsyon sa karera at kolehiyo. Bumisita sa mga kolehiyo sa loob ng taon.
- Kumuha ng mga tungkuling namumuno sa mga grupong ekstrakurikular o sa komunidad.
- Gumawa ng e-mail account para magamit sa mga proseso ng aplikasyon. Gumawa ng username na magbibigay ng magandang pagkakilala.

## Baitang 11 – Ikatlong taon sa mataas na paaralan:

- Kumuha ng mga pagsusulit sa ACT, Scholastic Aptitude Test (SAT) Reasoning, at SAT Subject (kinakailangan sa ilang kolehiyo) sa tagsibol ng ikatlong taon sa mataas na paaralan.
- Bawasan ang mga pagpipilian sa kolehiyo. Isaalang-alang ang mga programa,

halaga, laki, at lokasyon.

- Magsimulang sagutan ang mga seksyon sa mga aplikasyon sa kolehiyo, gaya ng mga tala ng gawain o personal na pahayag.
- Magsimulang maghanap ng mga scholarship at gantimpala ng kagalingan. Kausapin ang tagagabay o tagapayo sa mataas na paaralan.

### **Baitang 12 – Ikaapat na taon sa mataas na paaralan:**

- Kumpirmahin ang mga deadline ng aplikasyon sa kolehiyo bago simulan ang inyong ikaapat na taon. Isaalang-alang na mag-aplay sa nangungunang pagpipilian nang maaga kung mayroon silang opsyon para sa mga maagang pasya.
- Kumuha ng pagsusulit sa ACT, SAT Reasoning Tests at SAT Subject Test, kung kinakailangan, sa huling pagkakataon bago dumating ang Disyembre.
- Kumpirmahin na ang lahat ng kinakailangang elemento ng aplikasyon sa kolehiyo ay nasa pakete ng aplikasyon bago ito ipasa sa kolehiyo. Ang ilang kolehiyo o programa sa kolehiyo ay nanghihingi ng mga sanaysay o mga liham ng rekomendasyon galing sa guro. Alamin sa kolehiyo at sa tanggapan ng programa upang malaman kung kinakailangan ng mga sanaysay at/o liham.
- Ipasa ang mga aplikasyon ilang araw bago ang deadline kung sakaling may mga problema.
- Kumpirmahin kung aling mga pormularyo para sa tulong pinansyal ang kailangang ipasa at ang mga deadline nito.
- Ipasa ang mga pormularyo para sa tulong pinansyal sa lalong madaling panahon at hindi bababa sa ilang araw bago ang deadline.
- Subaybayan ang e-mail account para sa liham ng pagkakatanggap sa kolehiyo at tulong pinansyal sa tagsibol.

[Balik sa Indise](#)

## **MGA OPSYON SA KOLEHIYO**

Ang mga taga-California ay mapalad na magkaroon ng iba-ibang institusyon na nag-aalok ng mga digring associate at baccalaureate. Narito ang ilang mga paunang impormasyon tungkol sa mga kolehiyo at unibersidad sa California upang masimulan ang proseso ng pagsiyasat ng kolehiyo.

### **California Community Colleges**

[www.cccco.edu](http://www.cccco.edu) para sa impormasyon at [www.cccapply.org](http://www.cccapply.org) upang mag-aplay

Ang sistema ng California Community College ang may pinakamalawak na sistema ng mas mataas na edukasyon sa mundo na naglilingkod sa 112 kampus ng kolehiyo. Ang mga estudyante ay maaaring makapamilya na makakuha ng digring associate (dalawang-taon) sa daan-daang larangan na pang-akademiya at teknikal, o ng isa o dalawang taong pagsasanay o pang-sertipikadong programa sa iba-ibang larangan ng hanapbuhay, gaya ng sa propesyon ng kalusugan at mataas na teknolohiya. Ang mga estudyante ay maaari ring magtapos ng mga gawaing kurso kung saan maaari silang lumipat sa isang kolehiyo o unibersidad upang kumpletuhin ang digring baccalaureate.

### **The California State University**

[calstate.edu/](http://calstate.edu/) para sa impormasyon at [www.csumentor.edu](http://www.csumentor.edu) upang mag-aplay  
Ang sistema ng California State University (kilala din sa Ingles bilang CSU) ay nag-aalok ng pagtuturo sa mga digring undergraduate at master sa mga estudyante sa liberal na sining, agham, mga nauukol na larangan, at mga propesyon kasama na ang pagtuturo, pagnanars, gawaing panlipunan, at inhinyeriya. Ang mga estudyante ay maaaring mamili ng 1 sa 23 kampus ng CSU. Bawat kampus ay natatangi dahil sa lokasyon, laki, mga programa sa pag-aaral, at iba pang mga espesyal na katangian nito.

### **The University of California**

[universityofcalifornia.edu/](http://universityofcalifornia.edu/) para sa impormasyon at [admission.universityofcalifornia.edu/](http://admission.universityofcalifornia.edu/) upang mag-aplay

Ang sampung pangkalahatang mga kampus ng University of California (kilala din sa Ingles bilang UC) ay nag-aalok ng pagtuturo sa undergraduate at graduate sa malawak na sakop ng mga larangan. Ang mga estudyante ay maaaring magpakadalubhasa sa isa sa mga daan-daang programa na iniaalok sa pamamagitan ng UC. Bagamat lahat ng mga kampus ay may pare-parehong kinakailangan para sa pagtanggap sa undergraduate, nagkakaiba sila sa laki, pagpapatala, at mga programang pang-akademiya na iniaalok. Ang mga kampus ng UC ay matatagpuan sa parehong panlalawigan at panlungsod na kapaligiran sa kabuuan ng estado na may pagpapatala na umaaabot mula sa 5,000 hanggang 35,000 estudyante.

### **Mga Indipendyenteng Institusyon**

[www.aiccu.edu/](http://www.aiccu.edu/)

Ang Samahan ng mga Indipendyenteng Kolehiyo at Unibersidad ng California (Association of Independent California Colleges and Universities, AICCU) ay kumakatawan sa 75 na pribado, walang tubo na mga kolehiyo at unibersidad. Ang mga kolehiyo at unibersidad na ito ay may sakop mula sa malalaking prestihiyosong mga unibersidad hanggang sa malilit na mga kolehiyo para sa liberal na sining at paaralan ng propesyunal na pagdadalubhasa. Ang mga estudyante ay maaaring mag-aplay sa karamihan ng mga paaralang ito gamit ang Pangkalahatang Aplikasyon sa [www.commonapp.org](http://www.commonapp.org).

### **Pagdalo sa Labas-ng-Estado na Kolehiyo**

[nces.ed.gov/collegenavigator/](http://nces.ed.gov/collegenavigator/)

Huwag matakot na tuklasin ang pagdalo sa labas-ng-estado na kolehiyo. Ang sabi-sabi ay masyadong magastos daw na lumabas ng estado, subalit ang totoo, ang halaga ay maihahambing o maaaring mas mababa pa kaysa sa mga nasa estadong kolehiyo. Magsaliksik sa Western Undergraduate Exchange (WUE) sa <http://wiche.edu/wue> upang matuklasan ang posibilidad ng pinababang halaga ng matrikula.

## **PAGPILI NG TAMANG KOLEHIYO**

**MAYROONG** mahigit sa isang paaralan na maaaring tama para sa inyong estudyante. Ngunit paano magpapasya kung ano ang pinakaakma? Kung mas maagang matutukoy ang mga potensyal na paaralan at kinakailangan sa pagtanggap, mas mabuti. Ang mga susunod na hakbang ay makakatulong sa inyo na patnugutan ang proseso ng pagpili ng kolehiyo ng inyong estudyante:

### **Hakbang 1: Alamin ang layuning pangkarera bago magsimulang magkolehiyo**

Ang pagtungo lamang sa kolehiyo ay maaaring maging isang magandang karanasan ngunit mas mabuti ang pagkakaroon ng huling layunin kung paano masisiguro nito ang tagumpay sa karera. Dapat alamin ng mga estudyante ang mga paunang layunin na karera at gumawa ng mga pagpipiliang kolehiyo na susuporta sa pagpasok sa larangan na iyon. Ang California CareerZone sa [www.cacareerzone.org](http://www.cacareerzone.org) ay isang magandang lugar upang tuklasin ang mga karera.

### **Hakbang 2: Maghanda**

Upang makadalo alinman sa California State University o sa University of California matapos ang mataas na paaralan, ang mga estudyante ay kinakailangang kumuha ng mga sunod-sunod na kursong A-G. Ang mga kursong ito ang maghahanda rin sa mga estudyante para sa pagpasok sa karamihan ng mga independyenteng kolehiyo at unibersidad. Ang mga estudyante ay kailangan ding kumuha ng mga pagsusulit sa pagpasok sa kolehiyo (gaya ng ACT, SAT, o Test of English as a Foreign Language [TOFEL]).

### **Hakbang 3: Humingi ng payo sa iba**

Ang mga panggabay na tagapayo sa mataas na paaralan at mga guro ay mabuting mga mapagkukunan ng mga impormasyon tungkol sa kolehiyo. Payuhan ang inyong estudyante na pag-usapan ang mga resulta ng kanilang pagtutuklas sa mga karera (nakumpleto sa CareerZone sa <http://www.cacareerzone.org/>) upang makakuha ng mga payo sa kung anong kolehiyo ang pinakamainam para sa kanila. Hikayatin ang inyong estudyante na humingi ng payo mula sa mga propesyunal sa larangan ng karera na nais nilang pasukin.

### **Hakbang 4: Alamin ang higit pa tungkol sa mga kolehiyo**

Kung mas maraming impormasyon ang nakalap tungkol sa mga kolehiyo na ninanais ng inyong estudyante, mas malaki ang pagkakataon na makagawa ng mabuting desisyon. Simulan ang pagkalap ng impormasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa Siyasatin ang mga Kolehiyo sa <https://secure.californiacolleges.edu>.

### **Hakbang 5: Gumawa ng paunang tala**

Gumawa ng paunang listahan ng 8-10 mga kolehiyong ninanais. Kumuha ng impormasyon mula sa bawat isa sa mga paaralang ito. Hatiin ang listahan na ito sa tatlong kategorya: isa sa kung saan ALAM ng inyong estudyante na makapasok siya; isa sa kung saan MALABO siyang makapasok; at isa sa kung saan ang inyong estudyante ay hindi sigurado kung siya ay makapasok subalit MUKHANG KANAIS-NAIS. Para sa higit pang impormasyon sa pagpili ng tamang kolehiyo para sa inyong estudyante, pumunta sa:

Ano ang Tamang Kolehiyo para sa akin?

<https://www.calcareercenter.org/Home/Content?contentID=196>

Mga Mapagkukunan upang Matulungan ka sa Pagpili ng Kolehiyo

<https://www.calcareercenter.org/Home/Content?contentID=197>

### **Hakbang 6: Bumisita sa mga kolehiyo**

Marahil ang pinakamainam na paraan upang malaman ang higit pa tungkol sa mga kolehiyo ay ang pagbisita sa kampus. Kung maaari, planuhin ang pagbisita sa kolehiyo sa loob ng taon ng pasukan habang may mga klaseng nagaganap. Karamihan sa mga

kolehiyo ay nagbibigay ng mga paglilibot sa kampus at nagbibigay din ng mga matutuluyan ng isang gabi sa mga pabahay sa kampus kung maiaayos ng maaga.

### **Hakbang 7: *Tapusin ang iyong talaan at isumite ang mga aplikasyon***

Sa oras na ang inyong estudyante ay makaipon ng impormasyon, makabisita sa kampus, at matapos makipag-usap sa iba, bawasan ang inyong listahan pababa sa 1-3 mga kolehiyo sa bawat kategorya. Ang karaniwang bilang ng mga kolehiyong aaplayan ay 5-6. Kung mag-aaplay sa mga kolehiyo sa labas ng estado, itaas ang mga pagpapasahan sa 8-11. Magsimula ng kalendaryo ng mga hangganang araw ng pasahan ng aplikasyon. Alamin kung aling mga kolehiyo ang may mga opsyon ng *Maagang Pagpapasya* o *Maagang Pagtanggap*. Magtabi ng salansan ng mga papeles sa bawat kolehiyo upang malinaw ang lahat.

### **Hakbang 8: *Gumawa ng desisyon***

Matapos matanggap ang mga liham ng pagtanggap, ang huling hakbang ay ang paggawa ng “malaking” pagpapasya—pagtulong sa inyong estudyante sa pagpili ng kolehiyo na kanyang papasukan! Ang “pangkalahatang” huling petsa ng pagpapaalam sa mga kolehiyo ay Mayo 1 subalit kakailanganin ninyong magpasya nang mas maaga kung kinuha ninyo ang *Maagang Pagpapasya* o *Maagang Pagtanggap* na mga opsyon. Matapos tanggapin ang alok, alamin din kung kailan ang pagpapatala at ang tungkol sa pabahay. Huwag palampasin ang mga deadline!

[Balik sa Indise](#)

## **MGA CORSO NA KINAKAILANGAN SA PAGPASOK SA KOLEHIYO**

### **Mga Kursong A–G na Kinakailangan ng mga Sistema ng Pamublikong Unibersidad sa California**

Upang matanggap sa isang CSU o UC na kampus, ang mga estudyante ay dapat na nakatapos ng pinakamababang mga kinakailangan sa pagtatapos sa mataas na paaralan at ang mga kinakailangang kursong A-G habang nasa mataas na paaralan. Ang mga estudyante ay dapat ding matugunan ang mga lokal na kinakailangan para sa pagtatapos at makakuha ng “C” o mas mataas sa bawat kurso.

Ang pinakamababang bilang ng kursong A-G na kailangan ay:

- (a) Kasaysayan/Agham Panlipunan—dalawang taon\* (Kasaysayan ng U.S., Kasaysayan ng Daigdig)
- (b) Sining ng Wika (Ingles)—apat na taon
- (c) Matematika—tatlong taon (Alhebra 1, Heometriya, Alhebra 2 pinakamababa)
- (d) Agham (Laboratoryo)—dalawang taon ang kinakailangan, tatlo ang inirerekomenda: Biyolohiya, Kimika, at Pisika
- (e) Wikang Banyaga— dalawang taon ang kinakailangan (inererekomendang nasa parehong wika)
- (f) Sining ng Biswal at Pagganap—isang taon
- (g) Paghahanda sa Kolehiyo—elektibo

\*Ang pinakamababang inaatas ng estado ng California para magtapos ay tatlong taon.

Maaari mong pag-aralan ang mga aprubadong listahan ng kursong A-G ng iyong mataas na paaralan sa UC Doorways sa [www.ucop.edu/doorways/](http://www.ucop.edu/doorways/).

Ang parehong sistema ng CSU at UC ay nagbibigay ng dagdag na detalye tungkol sa pagtanggap at mga kinakailangang paksa sa mataas na paaralan. Ang mga mapagkukunan na ito ay nasa Web sa:

CSU: [www.csumentor.edu/Planning/high\\_school/subjects.asp](http://www.csumentor.edu/Planning/high_school/subjects.asp)

UC: [www.ucop.edu/agguide/](http://www.ucop.edu/agguide/)

Palaging kumpirmahin ang mga kinakailangan sa alinmang kolehiyo na isinaalang-alang ng inyong estudyante sa pamamagitan ng pagpunta sa Web site ng kolehiyo. At tandaan, ang pinakamababang kinakailangan sa pagtanggap sa kolehiyo ay diploma sa mataas na paaralan kaya siguruhin na nauunawaan ng inyong estudyante kung ano ang hinihiling ng lokal na distrito ng paaralan upang makakuha ng diploma. Paalalahanan ang inyong estudyante na ang pangkalahatang punto ng grado (sa Ingles tinatawag din na GPA, grade point average) ay maaaring maging salik sa pag-aaplay sa kolehiyo o unibersidad at dapat nilang subukin na makapagtapos na may pinakamataas na GPA na maaari upang magkaroon ng mas maraming mapagpipiliang kolehiyo.

[Balik sa Indise](#)

## MGA PAGSUSULIT UPANG MAKAPASOK SA KOLEHIYO

Ang mga estudyanteng nag-aaplay sa mga kolehiyo ay kailangang may kamalayan sa iba't ibang pagsusulit na ginagamit at/o kinakailangan ng mga kolehiyo na kanilang isinasaalang-alang. Magandang ideya para sa mga estudyante na magsimulang maghanda para sa mga pagsusulit na ito nang maaga sa kanilang karera sa mataas na paaralan.

***Tanungin sa mataas na paaralan ang petsa ng pagsusulit, impormasyon sa pagpapatala, atbp.***

### ***Pagsusulit na Paghahanda***

**PSAT/National Merit Scholarship Qualifying Test (NMSQT)** [www.collegeboard.org](http://www.collegeboard.org)

Ang pagsusulit na ito ay ibinibigay bawat taon sa Oktubre at ito ay para sa mga nasa ikatlong taon sa mataas na paaralan; subalit maaari rin itong kunin ng mga nasa una at ikalawang taon. Ang resulta ng pagsusulit para sa ikatlong taon lamang ang tanging resulta na ginagamit sa NMSQT. (Ang National Merit® Scholarship Program ay isang pang-akademiyang kompetisyon para sa pagkilala at mga scholarship.)

### ***Mga Pagsusulit sa Aplikasyon sa Kolehiyo***

#### **SAT Reasoning**

[www.collegeboard.org](http://www.collegeboard.org)

Ang pagsusulit na SAT Reasoning ay isang maraming-pagpipilian na pagsusulit na may seksyon sa pagbabasa, matematika, at pagsusulat.



## **SAT Subject Tests**

[www.collegeboard.org](http://www.collegeboard.org)

Ang mga pagsusulit na SAT Subject ay mga pagsusulit na pang-isang oras na idinisenyo upang sukatin ang iyong lebel ng pagkakamit sa isang partikular na paksa. Ang mga pagsusulit ay inaalok sa Panitikan; Kasaysayan ng Estados Unidos, Kasaysayan ng Daigdig, Matematika Lebel 1; Matematika Lebel 2; Mga Wikang Banyaga; at Agham. Hindi lahat ng pagsusulit ay ibinibigay nang sabay. Ang mga pagsusulit na SAT subject ay hindi na pangkalahatang kinakailangan subalit may mga programa pa rin kung saan kinakailangan ang mga ito. Alamin ang mga kinakailangan sa aplikasyon para sa mga kolehiyong iyong ninanais. Alamin sa Web site ng Lupon ng Kolehiyo ang mga impormasyon sa pagpapatala, petsa ng pagsusulit, at lokasyon. Magpatala nang maaga!

## **ACT**

[www.actstudent.org](http://www.actstudent.org)

Ang pagsusulit na ACT ay binubuo ng apat na pagsusulit sa pangkalahatang pang-edukasyon na paglilinang at isang opsyonal na seksyon sa pagsusulat na may maramihang pagpipilian na mga tanong at mga udyok sa pagsusulat. Ang apat na pangkalahatang seksyon ng pagsusulit ay: Ingles, Pagbabasa, Matematika, at Agham na Pagdadahilan. Ang sakop ng mga pagsusulit na pang-akademiya ay ang mga paksa sa paggamit ng Ingles, Matematika, Araling Panlipunan at Mga Natural na Agham. Alamin ang mga kinakailangan sa aplikasyon sa kolehiyo upang malaman kung ang seksyon sa pagsusulat ay kinakailangan. Dagdag pa sa mga pagsusulit, ang Web site ng ACT ay nagbibigay din ng mga naiibang Imbentaryo ng Interes at Seksyon ng Pagkakakilanlan ng Estudyante. Alamin sa Web site ng ACT ang petsa ng pagsusulit, impormasyon sa pagpapatala, at mga kabayaran.

## **Ingles bilang Pangalawang Wika**

Kung ang inyong estudyante ay nag-aaral sa Estados Unidos nang wala pang dalawang taon at ang kanyang katutubong wika at wika ng pagtuturo sa paaralan bago mag-aral sa Estados Unidos ay hindi Ingles, kailangan niyang ipakita ang pagkadalubhasa sa Ingles. Para sa dagdag na impormasyon, ipakausap ang inyong estudyante sa tagagabay o tagapayo ng paaralan.

## **Mga Estudyanteng may Kapansanan sa Pagkatuto**

Ang mga estudyante na may mga kapansanan sa pagkatuto ay maaaring humiling ng mga kaluwagan sa pagsusulit. Ang inyong estudyante ay dapat magtanong sa kanyang tagagabay o tagapayo para sa dagdag na impormasyon tungkol dito. Mahalaga na masimulan ang prosesong ito nang maaga upang matugunan ang mga kinakailangang dokumentasyon bago ang mga deadline ng pagpapatala.

## **Mga Pagkalibre sa Bayarin**

Ang inyong estudyante ay kinakailangang magbayad ng kabayaran upang makakuha ng mga pagsusulit sa pagpasok sa kolehiyo; subalit, ang mga kabayaranang ito ay maaaring mailibre. Sabihan ang inyong estudyante na kumuha ng mga impormasyon sa pagkalibre sa bayarin mula sa kanilang tagapayo sa mataas na paaralan.

## **Paalalahanan ang Inyong nasa Ikaapat na Taon sa Mataas na Paaralan**

Ang mga kolehiyo at mga unibersidad ay nag-aatas na matapos ang mga isinapamantayan na pagsusulit bago dumating ang Disyembre kaya siguraduhin na nakumpirma ng inyong mga nasa ikaapat na taon ang mga petsa ng pagsusulit at deadline ng pagpapatala.

[Balik sa Indise](#)

## MGA MAPAGKUKUNAN NG TULONG PINANSYAL

Ipinapalagay ng mga kolehiyo na ang pamilya at ang estudyante ang magbabayad para sa kolehiyo. Subalit, maraming mga estudyante ang nangangailangan ng tulong sa pagbayad ng mga halaga ng kolehiyo. Ang mga pinansyal na tulong na ibinibigay sa estudyante para pambayad sa kolehiyo ay tinatawag na “tulong pinansyal”. Upang maging karapat-dapat para sa pederal na tulong pinansyal na ginagamit ng karamihan sa mga kolehiyo, kayo at ang inyong estudyante ay dapat na magkumpleto ng Libreng Aplikasyon para sa Pederal na Tulong sa Estudyante (sa Ingles kilala din bilang FAFSA, Free Application for Federal Student Aid). Maraming mga kolehiyo ang humihiling din ng pagpasa ng Serbisyo ng PAGKAKAKILANLAN para sa Scholarship sa Kolehiyo (sa Ingles kilala din bilang CSS, Collage Scholarship Service). Dagdag pa, ang mga espesipiko-sa-California na tulong ay makukuha sa Komisyon ng Tulong sa Estudyante ng California.

**Para sa impormasyon at tulong, ang inyong estudyante ay dapat makipag-ugnayan sa tagagabay, tagapayo sa mataas na paaralan o tanggapan ng tulong pinansyal ng kolehiyo bilang dagdag sa mga sumusunod na mapagkukunan online:**

Libreng Aplikasyon para sa Pederal na Tulong sa Estudyante

[www.fafsa.ed.gov](http://www.fafsa.ed.gov)

1-800-4-FED-AID (1-800-433-3243)

TTY 1-800-730-8913

Komisyon ng Tulong sa Estudyante ng California

[www.csac.ca.gov](http://www.csac.ca.gov)

888-294-0148 o 916-526-8989

TTY (916) 526-8988

Pell Grants at iba pang mga pederal na programa

Sentro ng Impormasyon para sa Tulong sa Estudyante

1-800-4-FED-AID (1-800-433-3243)

TDD 1-800-730-8313

Serbisyo ng PAGKAKAKILANLAN para sa Scholarship sa Kolehiyo (College Scholarship Service, CSS)

<http://student.collegeboard.org/css-financial-aid-profile>

Kumpirmahin kung ang paaralan na iyong nais pasukan ay nangangailangan ng CSS na PAGKAKAKILANLAN.

**Dagdag na mga Makakatulong na site sa Web (ang mga site ay nasa wikang Ingles)**

Tulong sa pagkumpleto sa FAFSA <http://studentaid.ed.gov/resources#fafsa>

Ang pahina ng impormasyon tungkol sa Tulong Pinansyal [www.finaid.org](http://www.finaid.org)

FastWeb [www.fastweb.com](http://www.fastweb.com)

Pagpapalano ng iyong Kinabukasan <http://mappingyourfuture.org/>

Manood ng mga workshop sa tulong pinansyal na inaalok sa paaralan o lokal na aklatan.

**TANDAAN: Ang lehitimong mga programa ng tulong pinansyal ay hindi naniningil ng kabayaran para sa mga aplikasyon o materyales.**

[Balik sa Indise](#)

## ANG APLIKASYON SA KOLEHIYO

Ang sumusunod ay isang listahan ng mga pangkaraniwang kinakailangan sa aplikasyon sa kolehiyo. Alamin sa mga web site ng tanggapan ng pagtanggap sa kolehiyo ang mga espesipikong kinakailangan. Makakakita ka ng College Application Tracking Chart [Talahanayan ng Pagsubaybay sa Aplikasyon sa Kolehiyo] sa Sentro ng Karera ng California sa <https://www.calcareercenter.org/Home/Content?contentID=406>.

### **Mga Pormularyo ng Aplikasyon**

Ang mga pormularyong ito ay maaring online o nasa papel depende sa (mga) paaralan na iyong nais pasukan. Maaari kang mag-aplay sa espesipiko o maramihang California Community College UC, at CSU na mga kampus sa pamamagitan ng paggamit sa online na aplikasyon ng bawat sistema. Maaari kang mag-aplay sa mahigit na 400 na mga pribadong kolehiyo gamit ang Pangkalahatang Aplikasyon. Alamin sa indibidwal na mga Web site ang mga opsyon sa aplikasyon at mga kagustuhan. Ang mga link sa Aplikasyon sa Kolehiyo:

- California Community Colleges [www.cccapply.org](http://www.cccapply.org)
- California State University [www.csumentor.edu/AdmissionApp/](http://www.csumentor.edu/AdmissionApp/)
- University of California [admission.universityofcalifornia.edu/](http://admission.universityofcalifornia.edu/)
- Pribadong mga Kolehiyo [www.commonapp.org](http://www.commonapp.org)

### **Mga Bayad sa Aplikasyon**

Ang mga bayad sa aplikasyon sa kolehiyo ay nag-iiba-iba kaya siguruhin na alam ninyo ang halaga para sa mga paaralan na ninanais ng inyong estudyante. Alamin upang makita kung mayroon man sa mga kolehiyo na may pagkalibre ng bayad at kung ang inyong estudyante ay karapat-dapat sa pagkalibre.

### **Transcript sa Mataas na Paaralan**

Ang transcript ay ang talaan ng lahat ng klase at nakamit na mga marka. Kailangang hilingin ng inyong estudyante sa kanyang mataas na paaralan na ipadala nang direkta ang kanyang transcript, kasama na ng pagkakakilanlan ng kanyang paaralan, sa mga kolehiyo kung saan siya ay nag-aaplay. Ipabigay sa inyong estudyante ang kahilingan sa tao sa paaralan na nagpoproseso sa mga ito at isama ang impormasyon para sa mga kolehiyo na kanyang inaaplayan. Sa pagtatapos ng ikaapat na taon sa mataas na paaralan, pagkatapos na ang pinal na grado ay maipaskil, kailangang hilingin ng inyong estudyante sa mataas na paaralan na ipadala ang pinal, opisyal na transcript sa kolehiyo na nais pasukan ng inyong estudyante.

### ***Mga Marka sa Pagsusulit sa Pagtanggap***

Ang ilang mga kolehiyo ay humihingi o nagrerekomenda ng mga marka mula sa mga pagsusulit gaya ng sa SAT o ACT. Alamin sa mga Web site ng kolehiyo upang malaman kung alinman sa pagsusulit ang kinakailangan at pag-isipang kuning pareho. Bisitahin ang Web site ng mga organisasyon ng pagsusulit para sa deadline ng pagpapatala at kabayaran. Tingnan kung ikaw ay karapat-dapat sa pagkalibre ng bayad. Dapat hilingin ng mga estudyante sa Lupon ng Kolehiyo at/o ACT na ipadala ang mga marka nang direkta sa mga inaasahang kolehiyo.

### ***Mga Liham ng Rekomendasyon***

Ang mga kolehiyo ay maaaring humiling ng mga liham ng rekomendasyon mula sa mga guro o iba pang mga nakatatanda na nakakakilala sa inyong estudyante. Ang mga liham ng pagsangguni ay dapat hilingin nang pauna sa deadline upang mabigyan ng pagkakataon ang taong susulat ng rekomendasyon ng sapat na oras para isulat ito. Ang mga magsusulat ay maaaring humiling sa inyong mga estudyante na sumulat ng maikling nakasulat na buod ng kanilang mga nakamit upang matulungan silang isulat ang liham. Payuhan ang inyong estudyante na tanungin ang kanilang tagagabay o tagapayo sa mataas na paaralan tungkol sa pamamaraan ng paghiling ng mga liham mula sa mga guro sa paaralan.

### ***Mga Personal na Sanaysay***

Ang mga personal na sanaysay ay pagkakataon para sa inyong estudyante na bigyan ang mga opisyal ng pagtanggap ng mas mabuting ideya tungkol sa kanilang karakter at mga kalakasan. Payuhan ang inyong mga estudyante na suriin nang maigi ang kanilang mga sanaysay bago ipadala ang mga ito sa kolehiyo. Ang mga estudyante ay dapat maging matapat at taos-puso sa kanilang mga personal na sanaysay.

### ***Mga Awdisyon at Portfolio***

Ang mga programa sa musika, sining, o teatro ay maaaring nais humiling na makakita ng halimbawa ng mga gawa ng estudyante. Ibig sabihin maaaring may awdisyon o kinakailangan na magpadala ng portfolio o bidyo na nagpapakita ng masining na kakayahan bilang bahagi ng aplikasyon. Payuhan ang inyong estudyante na humingi ng payo sa guro ng musika, sining, o teatro.

### ***Mga Panayam***

Kahit pa ang panayam sa pagtanggap ay hindi kinakailangan, magandang ideya na humiling ang inyong estudyante ng isa. Nagpapakita ito ng seryosong layunin at magbibigay ng pagkakataon na makipag-ugnayan sa sinuman sa tanggapan ng pagtanggap.

[Balik sa Indise](#)

## **PAKIKILAHOK SA PANGKOLEHIYONG LEBEL NA SPORTS**

Kung ang inyong estudyante ay isang atleta at gustong makilahok sa pangkolehiyong lebel na sports maaari ninyong ibigay ang mga sumusunod na payo:

- Itakda ang prayoridad na unahin muna ang pang-akademiya/edukasyon na pagpipilian.
- Mag-aplay sa mga kolehiyo na may maraming sangay, kabilang na ang I, II, III at ang National Association of Intercollegiate Athletics (NAIA).

- Makipag-ugnayan sa mga kolehiyo nang maaga at ipaalam sa kanila ang interes na maglaro para sa koponan.
- Siguraduhin na magpatala sa National Collegiate Athletic Association (NCAA) Eligibility Clearinghouse.
- Hilingin sa paaralan na ipadala ang opisyal na transcript sa NCAA Clearinghouse.

***Mga Pamantayan ng Pagiging Karapat-dapat***

**National Collegiate Athletic Association**

[www.eligibilitycenter.org](http://www.eligibilitycenter.org)

**National Association of Intercollegiate Athletics (NAIA)**

[www.playnaia.org/](http://www.playnaia.org/)

***California Community Colleges***

Ang mga estudyanteng interesado na makilahok sa isports sa isang California Community College ay kailangang makipag-ugnayan sa kagawaran ng atleta ng kolehiyo.

Siguraduhin na ang inyong estudyante ay makipag-ugnayan sa direktor ng atleta ng mataas na paaralan upang linawin kung anong mga patakaran ng pagka-karapat-dapat ang sumasakop sa kanila!

**ANG INYONG ANAK AY MAAARING MAGKOLEHIYO!**

**Magsimula na ngayon!**

Ginawa ng Network ng Mapagkukunan ng Karera ng California ng Kagawaran ng Edukasyon ng California sa Web sa [www.californiacareers.info](http://www.californiacareers.info).

Natatanging pasasalamat sa Tanggapan ng Edukasyon ng Tulare County para sa paggawa ng orihinal na Gabay sa Pagpaplanong Pangkolehiyo para sa mga Magulang at Estudyante.

Paunawa para sa mga paaralan: Ang gabay na ito ay gawing natatangi para sa inyong paaralan o distrito – magdagdag ng mga larawan, ayusin ang nilalaman, gamitin ang piling mga pahina – anuman na makakatulong dito na gawing mapagkukunan para sa inyong mga magulang at tagapag-alaga.

Para sa dagdag na mga pagtuklas at suporta sa pagpaplano, bumisita sa Sentro ng Karera ng California sa [www.calcareercenter.org](http://www.calcareercenter.org) at sa California CareerZone sa [www.cacareerzone.org](http://www.cacareerzone.org).